CHRISTOPHER & DANA REEVE FOUNDATION
TODAY'S CARE. TOMORROW'S CURE.®

# Arteriovenous Malformation

Ang arteriovenous malformation, isang bihirang kondisyon na maaaring magmula sa gulugod, na gumagambala sa koneksyon sa pagitan ng mga ugat at mga arterya.

## T: Ano ang arteriovenous malformation (AVM)?

Ang arteriovenous malformation ay di-pangkaraniwang pagkasala-salabit ng mga daluyan ng dugo na umaagos nang direkta mula sa isang arterya tungo sa mga ugat, sa halip na dumaan sa capillaries. Ang mga AVM sa paligid ng spinal cord ay maaaring magdulot ng pagsisiksikan at maaaring mapigilan ang pagdaloy ng dugo na magreresulta sa hemorrage o pinsala sa cord.

## T: Ano ang sanhi ng kondisyong ito?

Ang AVM ay sanhi ng di-pangkaraniwang mga koneksyon sa pagitan ng mga arterya at ugat, ngunit ang dahilan ng pagkadi-pangkaraniwan nito ay hindi nalalaman.

## T: Ano-ano ang sintomas ng AVM?

Ang mga indibidwal na may Mga AVM sa gulugod ay maaaring makaranas ng mga nyurolohikal na sintomas na pabalik-balik, kabilang ang pananakit at paninigas sa leeg, likod, ibabang bahagi ng likod; mahapding pananakit na na nagmumula sa mga braso, puwitan, o pababa sa mga binti; pamamanhid, pamimitig, o panghihina ng mga braso, kamay, o binti; hirap sa pag-ihi o pagdumi; kawalan ng pakiramdam sa mga paa; nabawasang koordinasyon ng kamay.

Maaaring pumutok ang Mga AVM, na nagdudulot ng biglaang pinsalang nyorolohikal at napakatinding pananakit ng likod. Matinding pananakit ng ulo, naninigas na leeg, at napinsalang muwang ay maaaring senyales ng bihira, mataas na cervical level ng AVM.

Makipag-ugnayan sa iyong doktor kung magkakaroon ng anumang mga sintomas.

## T: Paano natutukoy at ginagamot ang AVM?

Natutukoy ang AVM gamit ang magnetic resonance imaging (MRI) na pumupuntirya sa mga daluyan ng dugo (blood vessels). Nakadepende sa lokasyon at kalubhaan ng mga sintomas ang paggamot. Minsan, susubaybayan ang Mga AVM para tasahin ang mga pagbabago. Kung nanganganib ang kakayahan ng spinal cord, tatanggalin ang Mga AVM sa pamamagitan ng operasyon, nonsurgical radiation therapy, at/o pamamaraan na pumipigil sa supply ng dugo sa apektadong dako.

## T: Gaano kapangkaraniwan ang AVM?

Bihira ang Mga AVM ngunit kapwa naaapektuhan nito ang kalalakihan at kababaihan. Karaniwang nagsisimula ang mga sintomas kapag nasa mga edad 20 taong gulang ang tao, ngunit sa halos 20% ng mga kaso, natukoy ito sa mga indibidwal na mas bata sa 16 taong gulang.

*Mga Mapagkukunan ng Impormasyon: Merck Manual, Mayo Clinic, Johns Hopkins Medicine, Cleveland Clinic.*

**Gusto mong may makausap?**
Ang aming Information Specialist ay available na sagutin ang iyong mga tanong.
Tumawag ng toll-free 1-800-539-7309 Lunes hanggang Biyernes, 7 am-12 am EST.
Mag-schedule ng tawag o magtanong online sa
https://connect.paralysis.org/tl/send-us-your-question

Ang impormasyong nilalaman ng mensaheng ito ay ipinapakita para sa layunin ng pagtuturo at pagbibigay impormasyon sa iyo tungkol sa paralysis at mga epekto nito. Walang anumang nilalaman sa mensaheng ito ay dapat pakahulugan ni hindi nilalayon na gamitin bilang medikal na diagosis o paggagamot. Hindi ito dapat pumalit sa payo ng iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider. Kung mayroon kang mga tanong na may kaugnayan sa pangangalaga ng kalusugan, mangyaring tawagan o magpatingin sa iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider kaagad. Parating magpakonsulta sa iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider bago magsimula ng bagong treatment, diet o fitness program. Hindi mo kailanman dapat di pansinin o patagalin ang mga ito dahil sa isang bagay na nabasa mo sa mensaheng ito.
Ang publikasyon na ito ay sinusuportahan ng Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) bilang bahagi ng pinansiyal na tulong na may total na $10,000,000 na may 100 porsiyentong pagpopondo ng ACL/HHS. Ang mga nilalaman ay iyong mula sa (mga) may akda at hindi nangangahulugan na opisyal itong mga pananaw, ni hindi pag-endorso, ng ACL/HHS, o ng Gobyerno ng Estados Unidos.